# *Drone Investigation, Assessment and Repair (DIAR) Program*

Ang aming paninindigan sa pagbibigay ng malinis, ligtas, at maaasahang enerhiya ay nangangahulugan ng mga regular na pagsisiyasat at pagtatasa ng aming mga linya ng kuryente.

***Bilang bahagi ng aming paninindigang magbigay ng ligtas at maaasahang enerhiya, maagap naming tinutugunan ang panganib ng sunog.***

Ang Drone Investigation, Assessment, and Repair (DIAR) Program ay bahagi ng mga pagsisikap ng Wildfire Mitigation Plan (WMP) ng SDG&E. Pinapahusay ng DIAR Program ang pagsusuri ng mga overhead na linya ng kuryente at kagamitan ng SDG&E sa loob ng mga tinukoy na lugar sa Tier 3 na Distritong May Mataas na Banta ng Sunog (tingnan ang mapa sa likod).

## Tungkol sa DIAR Program

Bilang suporta sa Wildfire Mitigation Program ng SDG&E, tatasahin ng DIAR Program ang mga linya ng kuryente ng SDG&E® gamit ang teknolohiya ng drone para matukoy ang mga kinakailangang pagkukumpuni o pagpapabuti at para mabawasan ang panganib ng wildfire.

## Ano ang aasahan

Ang mga tauhan ng SDG&E at/o ang aming mga inaprubahang kontraktor ay magsasagawa ng komprehensibong pagtatasa ng mga overhead na linya ng kuryente sa o malapit sa iyong bakuran gamit ang teknolohiya ng drone.

Upang makumpleto ang pagtatasang ito, ang mga crew at/o kontraktor ng SDG&E ay mangangailangan ng access sa aming mga electric powerline easement at mga Rights-of-Way na lokasyon sa o malapit sa iyong bakuran.

Gagamitin ang mga drone para mangolekta ng mga litrato ng elektrikal na imprastraktura ng SDG&E na susuriin ng mga tauhan ng SDG&E. Ang layunin ng programa ay kumuha ng mga larawan ng imprastraktura ng SDG&E at hindi ng mga nakapaligid na lugar. Mangyaring tingnan ang mga halimbawa ng uri ng mga litratong kukunin ng SDG&E sa likod na pahina ng dokumentong ito. Ang mga aktibidad na nauugnay sa drone ay maaaring pansamantalang makadagdag sa antas ng ingay o alikabok sa paligid.




Sa panahon ng mga pagtatasa gamit ang drone, magpapatuloy ang iyong serbisyo sa kuryente nang walang pagkaantala.  Gagawin ang mga pagtatasang ito mula sa unang bahagi ng taglagas at magpapatuloy ang mga ito hanggang sa katapusan ng 2020.

## Impormasyon sa pakikipag-ugnayan


Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline ng Impormasyon ng Proyekto nang walang bayad sa **1-844-765-6388**, o bumisita sa website ng DIAR Program sa ***sdge.com/drone-program***.

*ipinagpapatuloy sa likod*

## Mapa ng mga distrito na may malaking banta ng sunog




## Mga halimbawa ng mga larawang kinuha para sa DIAR Program





P.O. Box 129831 | San Diego, CA 92112-9831 | 1-800-411-7343 | Kumonekta sa **sdge.com**

© 2019 San Diego Gas & Electric Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan sa copyright at trademark. S1970151 1019 XM